



Ang mga katotohanan:

Ang mangyayari pagkatapos mong magreklamo

Ang Komisyon ng Manggagawang Pangkapansanan ng Victoria (Victorian Disability Worker Commission) ay isang independiyenteng serbisyo ng pagrereklamo tungkol sa pag-aasal ng mga manggagawang pangkapansanan.

Maaari itong tumanggap ng mga reklamo tungkol sa sinumang manggagawang pangkapansanan sa Victoria, ano man ang paraan ng pagpopondo sa kanila.

Ang Pamahalaang Victoria ay may patakarang "zero tolerance" (walang toleransya) sa pang-aabuso ng mga taong may kapansanan. Ang aming serbisyo ng pagrereklamo ang nagpapairal sa patakarang ito.

Sino ang hahawak ng aking reklamo?

Makikipagtulungan kami sa iyo kapag ikaw ay nagreklamo. Aalukin ka namin ng isang ligtas na kapaligiran kung saan maaari kang magbahagi ng impormasyon tungkol sa iyong reklamo.

Kung ikaw ay nagrereklamo para sa isang taong may kapansanan, kakausapin namin siya hangga't maaari upang kunin ang kanyang pagsang-ayon na magpatuloy kami. Kami ay nakatuon sa taong may kapansanan at sa kanyang mga pangangailangan, at sisikapin naming isali siya sa proseso.

Hihilingan ka naming kumpirmahin ang isyu ng reklamo

Kukumpirmahin namin sa iyo ang mga detalye ng reklamo. Upang maisulong ang iyong reklamo, hihilingan kang kumpirmahin ang isyu o mga isyu na iyong inirereklamo.

Itatanong namin kung nais mo ng partikular na kalalabasan

Ikaw ay tatanungin tungkol sa kalalabasang nais mong makamit. Okey lang kung wala kang gustong anumang partikular na kalalabasan.

Kung hindi ka sigurado, maaari kaming magmungkahi sa iyo ng mga kalalabasan. Ang ilang halimbawa ay isang paghingi ng paumanhin mula sa isang manggagawa o pag-ayos ng reklamo sa pamamagitan ng pakikipagkasunduan sa isang manggagawa. Maaari mong sabihin sa amin kung aling mga kalalabasan ang masisiyahan kang sang-ayunan.

Kung ikaw ay magpasyang mag-urong ng iyong reklamo, maaari pa rin naming patuloy na imbestigahan ang isyung ito.

Maraming mga reklamo ang malulutas sa pamamagitan ng pakikipagtulungan namin sa iyo, o sa taong nagrereklamo para sa iyo, at sa manggagawang pangkapansanan upang makakuha ng mga kalalabasang ikasisiya ng bawat isa.

Kung kailangan mo ng tulong sa wika, pagsulat o komunikasyon

Maaari kaming mag-ayos ng mga interpreter o maaari mo kaming kontakin gamit ang National Relay Service, pati para sa mga interpreter ng Auslan, upang tulungan kang makapagreklamo at tulungan ka sa anumang oras. Maaari kaming makipagkita sa iyo nang harapan kung kailangan o kung mas gusto mo ng harapang interaksyon.

Ano ang maaasahan kung makikipagkita ka sa amin tungkol sa isang reklamo?

Mapipili mong makipagkita sa amin kung gusto mo. Ang miting na ito ay upang mas maunawaan ng Komisyon ang iyong reklamo at kung nagnanais ka ng anumang partikular na mga kalalabasan.

Bisitahin ang vdwc.vic.gov.au
Tumawag sa 1800 497 132

Sino ang dadalo sa miting?

Hindi dadalo ang (mga) manggagawang pangkapansanan. Dadalo ang isang kawani ng Komisyon na may karanasang humawak ng mga reklamo. Hinihikayat ka naming magsama ng isang tagasuportang tao kung gusto mo. Ito ay maaaring isang kaibigan o kapamilya, isang suportang manggagawa, o isang tao na komportable kang tumulong sa iyo na magpaliwanag ng iyong mga alalahanin. Maaari kang magsama ng mahigit sa isang tagasuportang tao.

Maaari mong talakayin sa amin kung sino sa iyong kasalukuyang network ng suporta ang maaaring angkop na sumuporta sa iyo.

Ang pag-uusapan sa miting

Magkakaroon ka ng pagkakataong magbahagi ng impormasyon tungkol sa iyong mga alalahanin, kabilang ang anumang impormasyong sa palagay mo ay makakasuporta sa iyong reklamo.

Paano maghahanda para sa miting

Anong impormasyon ang dapat kong ihanda o dalhin?

Bago ka makipagkita sa amin, maaaring nais mong pag-isipan kung may anumang karagdagang impormasyon na nais mong ibigay sa miting.

Maaaring kabilang dito ang anumang pangsuhportang impormasyon o anumang bagay na sa palagay mo ay makakatulong sa amin na maunawaan kung ano ang nangyari.

Maaaring nais mong magdala ng ilang mga itatanong sa miting.

Ano ang mangyayari pagkatapos ng miting?

Kokontakin ka namin pagkatapos ng miting upang abisuhan ka ng susunod na mga hakbang.

Ang iyong reklamo ay maaaring hawakan sa isa sa sumusunod na mga paraan

- Makipag-ayos sa pamamagitan ng kasunduan – halimbawa, isang paghingi ng paumanhin mula sa manggagawa o isang kasunduan ninyo ng manggagawa
- Conciliation (pagkakasundo) – ito ay prosesong mas pormal na naglalayong makamit ang pagkakasundo. Ito ay mangyayari lamang kung ang mga partido sa reklamo ay sang-ayong magkasundo. Pagkatapos, ang mga partido ay magkakaroon ng tiyak na mga karapatan at responsibilidad sa ilalim ng Disability Service Safeguards Act 2018
- Pagpapayo – ito ay isang pang-edukasyong pamamaraang ginagamit ng Komisyon, halimbawa, upang magpaalala sa mga manggagawang pangkapansanan na dapat nilang sundin ang Disability Service Safeguards Code of Conduct
- Imbestigasyon – Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga imbestigasyon, mangyaring bumisita sa: <https://www.vdwc.vic.gov.au/what-happens-when-commission-decides-to-investigate>

Tungkol sa Komisyon ng Manggagawang Pangkapansanan ng Victoria

Ang Komisyon ng Manggagawang Pangkapansanan ng Victoria ay isang independiyenteng lupon na itinatag upang mas mabuting protektahan ang mga taong may kapansanan at makabuo ng mas matatag, mas ligtas na pangkapansanang sektor. Ito ay responsable para sa Disability Service Safeguards Code of Conduct, pagtatatag ng pinakamababang aasahan para sa lahat ng mga manggagawa sa Victoria na sumusuporta sa mga taong may kapansanan, at sa serbisyo ng pagrereklamo. Maaari itong tumanggap ng mga reklamo at notipikasyon, na may kapangyarihang imbestigahan at pagbawalan ang mga manggagawang maglalagay sa panganib sa kaligtasan ng mga tao.

Bisitahin ang aming website sa [vdwc.vic.gov.au](https://www.vdwc.vic.gov.au) o tumawag sa 1800 497 132

Mag-sign up sa aming [newsletter](#)

Sundan kami



Bisitahin ang [vdwc.vic.gov.au](https://www.vdwc.vic.gov.au)
Tumawag sa 1800 497 132